



MEMORANDUM

PETSA: Oktober 26, 2020

PARA SA: Mga negosyo, grupo sa komunidad, at iba pang pinag-iisipang magho-host ng mga event sa holiday na maaaring humantong sa mga pagtitipon

MULA SA: COVID Command Center, Sangay para sa Impormasyon at Patnubay

TUNGKOL SA: Mas Ligtas na Holiday at mga Tip para sa Halloween para sa mga Grupo sa Komunidad

Ang sumusunod na impormasyon ay nagsisilbing paalala sa mga negosyo, grupo sa komunidad, at iba pang pinag-iisipang magho-host ng mga event sa holiday sa kung ano ang pinapayagan at paano gawing mas ligtas ang pagdiriwang ng holiday.

- **Iwasan ang malalaking pagtitipon:** Alinsunod sa mga paghihigpit ng Estado at County, limitado ang mga pagtitipon hanggang sa tatlong sambahayan na mayroong hanggang 25 tao sa kabuuan, at dapat manatiling nasa labas. Kung mayroong pagkain o inumin, kung gayon ang mga pagtitipon sa labas ay limitado sa hanggang tatlong sambahayan na may hanggang 6 na tao sa kabuuan. Ang mga free-form na event na maaaring humantong sa mga pagtitipon sa panahon ng mga pagdiriwang ng holiday ay hindi hinihikayat dahil walang mekanismo para matiyak ang sapat na social distancing (pagdistansiya sa tao), pagsasama-sama ng mga sambahayan, at pagsunod sa panakip sa mukha. Ang mga pagtitipon sa kalye, mga event, paligsahan, perya o mga pista tulad ng maaaring maganap sa mga parke o nakasarang kalye ay hindi pinapayagan sa ngayon, kahit na isinara ang kalye para suportahan ang lokal na aktibidad para sa ekonomiya.
- **Ipinagbabawal ang mga pagtitipon sa loob.** Ipinagbabawal ng Estado at County ang mga pagtitipon sa loob sa ngayon dahil ang panganib ng transmisyong COVID-19 ay MAS mataas sa loob. Tingnan ang www.sfcddcp.org/indoorrisk
- **Ang mga Programa para sa Pangangalaga ng Bata/Pinangangasiwaang programa na regular na dinadaluhan ng mga kabataan kapag tapos na ang eskuwela (Out of School Time):** Pwedeng mag-host ang mga programa ng Pangangalaga ng Bata at Out of School Time ng mga aktibidad na may temang holiday habang ang kabataan ay nasa kanilang regular na naka-schedule na programa sa kanilang matatag na grupo ng 14 na kabataan at dalawang nasa hustong gulang.
- **Isipin ang mga bagong paraan para ipagdiwang ang mga tradisyon ng Halloween:** Magkaroon ng virtual na paglisahan sa costume, o paglisahan sa pag-ukit ng pumpkin. Kung magtitipon ka kasama ng iba pang sambahayan, magkita sa labas at sa dalawang iba pang sambahayan lang.



- **Magbigay ng goodies para sa mga pamilya.** Isipin ang pagbibigay ng mga bag na mayroong mga kendi, sticker, pumpkin o mga art project para sa mga pamilya na magagawa sa bahay. Isiping magsama ng mga bagay na tulad ng mga face mask at hand sanitizer.
- **Huwag alisin ang mga mask:** Paalalahanan ang mga pamilya na magsuot ng mga panakip sa mukha, at isama ang panakip sa mukha sa kanilang costume! Ang pagsusuot ng mga panakip sa mukha kapag nasa labas ng bahay ay pinapanatiling mas ligtas ang lahat.
- **Magpanatili ng distansiya sa tao:** Nagdudulot ng dagdag na panganib ng transmisyon sa komunidad ang trick or treat sa bawat bahay. Huwag gumamit ng mga saradong kalye o parke para magsagawa ng walang pahintulot na mga pagtitipon, o hikayatin ang mga sambahayan na magtipon. Hindi dapat gamitin ang mga permiso para sa Just Add Music para magsagawa ng mga pagtitipon.
- **Alamin pa** sa aming kumpletong Dokumento ng Tip para sa Mas Ligtas na Halloween na naka-post sa: www.sfcddp.org/safersocial (www.sfcddp.org/masligtasnapagtitipon)